

Kaya Nakikinig ang Lupa
at Lumilipad ang Balita:
Ang Tsismis at ang Tunggalian ng Uri
sa Lipunang Pilipino



Mar Anthony S. Dela Cruz
Unibersidad ng Pilipinas, Los Baños

Si **Dela Cruz** ay propesor sa Departamento ng Humanidades sa UP Los Baños. Nagtapos ng BA Aralin sa Sining at MA Filipino-Malikhain Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman (UPD). Kasalukuyan siyang kumu-kuha ng programang PhD sa Filipino-Pagsasalin sa parehong pamantasan. Nagwagi siya ng Ikatlong Gantimpala para sa Maikling Kuwento sa Carlos Palanca Memorial Awards for Literature (2012). Naging fellow siya ng IYAS National Creative Writing Workshop at Palihang Rogelio Sicat. Nalathala sa UBOD New Authors Series II ang koleksyon niya ng maikling kuwento sa Filipino.

Abstrak

Gamit ang ilang halimbawa mula sa kasaysayan ng Pilipinas, susuriin ng papel ang tsismis bilang instrumento ng kapangyarihan. Ang kahulugan, katangian at silbi ng tsismis ay tatalakayin sa unang bahagi ng papel. Sa ikalawang bahagi, bibigyang-pansin ang kakayahan ng tsismis bilang kasangkapan ng kapangyarihan. Sa ikatlong bahagi, ilalata kung paano ito kinakasangkapan ng pribilehiyadong uri sa pagsusulong ng kanilang interes at ng mga nasa laylayan para banggain ang dominanteng sistema sa lipunan. Panghuli, sa pamamagitan ng mga kasalukuyang mga usapin, masisipat ang patuloy na tunggalian sa mga uring ito upang patunayan ang politika ng wikang bitbit ng tsismis.

Mga Susing Salita

tsismis, kapangyarihan, kasaysayan, masa, naghaharing-uri



HASAAN

Introduksyon

Unang araw ko sa inuupahang apartment sa Tandang Sora. Hindi ko pa naipapasok ang mga bagahe, kung ano-ano na ang itsinismis akin ni Aling Tessie, ang landlady. Huwag ko raw kausapin ang mag-asawang nakatira sa gawing kanan ng unit ko dahil may topak daw sila. “Okey lang ho, anti-social ho ako, allergic ako sa tao,” sabi ko sa matanda. “Good, magkakasundo tayo,” sagot niya. Winarningan din niya ako na iwasan ko raw si Lawrence, ‘yong nasa kaliwa ng unit ko. Utangero raw at di marunong magbayad. ‘Wag na ‘wag ko rin daw bubuksan ang bintana sa likod. May matandang babae raw na di nagsusuot ng bra, baka raw akitin ako. Hindi pa man ako tapos sa paglilipat ng mga gamit, nasabi na lahat sa akin ng landlady ang lahat ng mga itinatagong “baho” ng mga kapitbahay.

Kung nagagawa niyang itsismis ang iba, alam kong kaya rin niya itong gawin sa akin. Inasahan ko pa nga na magiging target din ako ng malisyosong utak at makating dila ng landlady ko. Ngunit ikinagulat ko ang mga kuwento-kuwentong ipinakalat niya tungkol sa akin. Nagtapos sa isang matinding sigawan at banatan ng mga linya (sayang at di ko nagamit ang mga inipong linya mula sa mga pelikulang ‘90s) sa gitna ng daan, sa harap ng mga taong tumitingin sa garage sale, ang Aling Tessie episode ng buhay ko.

Karaniwan nang tinitingnan ang tsismis bilang gawaing naninira ng reputasyon. Ngunit marami pa itong ibang katangiang hindi gaanong napagtutuunan ng pansin sa mga pag-aaral. Sa papel na ito, ihaharap ang iba pang mukha ng tsismis. Susuriin dito ang tsismis sa panlipunang antas bilang isang mabisang instrumento ng kapangyarihan. Gamit ang ilang halimbawa sa kasaysayan ng Pilipinas, ipakikita kung paano kinakasangkapan kapwa ng mga naghaharing-uri at ng masa ang tsismis sa banggaan ng kanilang mga panlipunang interes.

Mga Kahulugan ng Tsismis

Hango sa salitang Español na *chismes*, ang karaniwang pakahulugan sa *tsismis* ay bali-balintang walang sapat na katibayan, ngunit hindi masasabing lubos na walang katotohanan, na kumakalat sa talikuran ng iba pang tao (Aldaña 147). Ang mga pag-uusap sa porma nito ay araw-araw na naririnig at nakikita sa maraming sitwasyon: sa showbiz (sabunutan nina Young Actress at Network Diva sa dressing room), sa politika (panunuhol ni Veteran Politician kay Newbie Politician), sa paaralan (kung paanong sumisipsip kay Principal si Mr. So-and-so), at kung saan-saan pa.

Sa Tagalog, katumbas ng tsismis ang *sabi-sabi, bulung-bulungan, usap-usapan, kuwento-kuwento, alingasngas* at *bali-balita*. Kung sasangguni sa mga diksiyonaryo, makikitang marami rin itong katumbas na salita sa iba pang wika sa Pilipinas. Sa mga Iluko, ito ay tinatawag na *alimadamad, aliwangwang*, o *sayangguseng* (Gelade). Sa Cebuano, ito ay *libak, satsat* o *tabi* (Wolff). Sa Hiligaynon, ito ay *ad-ad, bati-bati* o *sugid-sugid* (Kaufman). Sa Maranao, tinatawag itong *anta', kerikeri* o *ondorondor* (McKaughan at Macaraya).

Ilan sa mga salitang kaugnay sa tsismis ay tumutukoy sa tunog. Halimbawa, ang *alingasngas* at *bulung-bulungan*. Ang bulong sa Cebuano ay *hunghung* (Wolff) at sa Hiligaynon ay *huring-huring* (Kaufman). Sa isang karaniwang tsismisan, pabulong kung magsalita ang mga sangkot dahil ayaw nilang iparinig sa iba ang kanilang pinag-uusapan. Ngunit nagiging maingay ang tsismisan kapag kumalat na ito at naging isang malaking eskandalo. Sa Iluko, ang ngawngaw ay tumutukoy sa pagngiyaw (Rubino) at ang *sayangguseng* naman ay tumutukoy rin sa humuhugong na bubuyog (Gelade). Sa mga Cebuano, ang *kiyaw* na isa pang katawagan sa tsismis ay isa ring uri ng ibong kilala sa tunog nito (Wolff).

Makikita rin sa mga salita ang katangian ng mga kalahok dito. Sa mga Iluko, ang *tarabitab/natarabit* ay tumutukoy sa mga taong madaldal at mahilig sa tsismis, samantalang ang *salawitwit* ay nangangahulugang ‘matalas ang dila’ o mabilis, maliksi, aktibo, at alerto (Gelade). Ang *kabukab*, salitang iniuugnay rin sa tsismis, ay nangangahulugang pagnguya nang walang laman ang bibig (Gelade). Sa Hiligaynon, ang *tublok-lawi* (*tublok* – tusok, *lawi* – balahibong buntot ng manok) ay tumutukoy sa taong karaniwang nagpapaningas ng tsismis; siya ang promotor ng away at gulo. Ang *dila-an* ay taong may mahaba at malaking dila at ang *hambalera/hambalero* ay madaldal (Kaufman).

Kung titingnan naman ang kasaysayan ng salitang *gossip* sa Kanluran, lumilitaw na positibo ang kahulugan ng tsismis. Mula sa Old English na *goddsib* (godparent), ang salitang *gossip* ay ginamit noong ika-19 siglo para tumukoy sa pag-iinuman ng mga lalaki at ng kanilang pagkakaibigan. Bago ito, ginamit ito para tukuyin ang pagtitipon ng mga magkakaibigan, karaniwan ay mga babae, habang hinihintay ang pagsilang ng sanggol (Levin at Arluke, nasa Villasanta 85).

Rumor ang isa pang katumbas na salita sa Ingles ng tsismis. Para sa ilang iskolar, magkaiba ang konteksto, nilalaman at gamit ng *gossip* sa *rumor*. Ang *gossip* ay tungkol sa tao samantalang ang *rumor* ay tungkol sa mga pangyayari (Cooley 49, nasa Rosnow at Fine 83). Sa partikular, ang una ay tungkol sa

HASAAN

“*pagsisiwalat* ng mga *impormasyong* nauukol lang sa *pansariling* bagay-bagay” (Maggay 25) samantalang ang huli ay tungkol sa mahahalagang pangyayari sa paligid, labas sa personal na level (DiFonzo at Bordia 14, 19). Ang tsismis, kung gayon, ay hindi lang tumatalakay sa mga nangyayari sa personal na buhay, kundi sa mga nangyayari rin sa lipunan (Tolentino 7).

May ilang paraan ng pagkaklasipika ng tsismis. May mga tsismis na sumisingaw na parang alimuom, na kumakalat sa panahon ng krisis at pagkabalisa. Kusa itong kumakalat dahil naghahanap tayo ng paliwanag sa mga pangyayaring hindi natin lubos na maunawaan. Karaniwan itong eksaherado at walang katotohanan gaya ng bali-balitang magkakaroon daw ng isang napakalakas na lindol sa Maynila.

May mga tsismis naman na pinagpaplanuhan. Karaniwan na sa ganitong uri ng tsismis ang layuning sirain ang katunggaling indibidwal o grupo. Sa panliligaw, halimbawa, gumagawa ng kuwento ang isang lalaki para siraan sa nililigawan ang katunggali. Karaniwang nasa porma ng *advertising* at propaganda ang intensiyonal na tsismis. Halimbawa, ang tsismis na *satanic* na inumin ang Coca-Cola.

Karaniwang inuuri ang tsismis bilang *home-stretcher*, *pipe-dream*, *bogey at wedge-driver* (Knapp 22-37). Ang *home-stretcher* ay tsismis na kumakalat bago ang aktuwal na pangyayari. Halimbawa nito ang tsismis na magkakaroon ng malawakang tanggalan sa trabaho, na inaasahan na rin naman ng mga empleado. Ang *pipe-dream* ay optimistikong tsismis na nagtataglay ng mga imahen ng mga positibong pangyayari sa hinaharap. Halimbawa nito ang tsismis na magkakaroon ng pagtaas sa sahod.

Ang *bogey* naman ay tsismis na nagdudulot ng labis na pagkabalisa sa mga sumasagap at nagpapakalat nito. Hindi iilan sa atin ang nangamba nang marinig ang balitang aabot sa Pilipinas ang *radiation* galing sa nasirang plantang nuklear sa Japan dahil sa lindol noong Marso 2011. Nagdudulot din ng matinding pagkabalisa sa mga manggagawa ang mga tsismis na magsasara na ang kompanyang pinagtatrabahuhan nila. Ang *wedge-driver* ay agresibong tsismis. Mapanira ito at kung minsan ay matindi ang epekto. Halimbawa nito ang pagkakatataglay ng tsismis para pag-awayin ang dalawang grupo o indibidwal.

Iniuugnay rin ang tsismis sa mga mitolohiyang urban o alamat sa lungsod (*urban legend*), mga salaysay tungkol sa kakaiba, kababalaghan, misteryo, at minsan ay nakakatawang pangyayari na maaaring may katotohanan o gawagawa lang (DiFonzo at Bordia 23). Halimbawa nito ang *white lady* sa Balete



Drive at ang manananggal sa Tondo. Isang alamat sa lungsod na kinatakutan din ng marami noong Dekada '90 ang tungkol sa sinasabing kalahating-tao, kalahating-ahas sa Robinsons Galleria.

Tsismis at Pakikipagkapwa

Isang mahalagang silbi ng tsismis ang kasiyahang dulot nito (Foster 85). Sa anumang okasyon, ginagamit ito bilang pantanggal-umay sa monotoni ng araw-araw na buhay. *Bonding moment* para sa mga magkakaibigan ang pag-usapan ang buhay ng ibang tao. Binabasa natin ang mga tsismis sa pahayagan bilang pahinga matapos ang pagbabasa ng mabibigat at mas seryosong balita.

Ang tsismis ay hindi lamang simpleng pagbabalita; kaakibat din nito ang ebalwasyon (Foster 82): nabuntis si ano, na kerengkeng, ng pangit na *construction worker*, sadyang ipinaamoy ng kapitbahay ang masasarap na ulam para mang-inggit, babaero raw ang politiko at sa mga kabit daw nito napupunta ang mga kinukurakot. Nakikilahok tayo sa tsismis upang maging malay sa mga tuntunin, tradisyon at norm ng kulturang kinabibilangan natin (Baumeister, Zhang, at Vohs 113). Isa itong pagmamatyag at pagtataya kung ano ang tama, normal at karapat-dapat.

Ang tsismis ay proseso rin ng pagbubuo ng samahan (Foster 85). Sa isang “community of talkers” (Wickham 13), ito ay pag-aari ng eksklusibong grupo at ang impormasyon ay nagpapasalin-salin at hinuhulma lamang ng mga kasapi. Sa isang pag-aaral tungkol sa ugaling magtsismis ng mga Cebuana, lumalabas na nakikipagtsismisan lamang ang mga sangkot sa kanilang mga matalik na kaibigan, asawa at mga kamag-anak; hindi kasali sa kanilang tsismisan ang mga taong hindi nila lubos na kilala, o iyong hindi kabilang sa kanilang grupo (Nuevo 6).

Subalit, negatibo ang pakikipagtsismisan para sa karaniwang Pilipino. Sa Google pa lamang, mababasa na ang mga artikulong nagsasabing ang tsismis ang “pinakamasalimuot na pangyayari na puwedeng maranasan ng isang tao,” “nakalalason” at “nakamamatay na sandata,” “isang epidemya” at “mabigat na kasalanan,” at “walang mabuti sa tsismis.” Tinitingnan ng marami ang mga lumalahok dito bilang dalahira, mapanghimasok, pakialamero/a, may makating dila, at walang moralidad.

Ang negatibong pananaw sa tsismis ay bunga ng Kanluraning oryentasyon sa sikolohiya at kulturang Pilipino gaya ng kumbensiyonal na pagpapakahulugan sa *utang na loob*, *hiya*, *ningas cogon*, *bahala na*, *amor propio*, at iba pa. Ang tunguhin kung gayon ay palitawin ang katutubong perspektiba sa tsismis upang

HASAAN

lumalim at lumawak pa ang pag-unawa sa kultura at sikolohiyang Pilipino.

Sa pag-aaral sa interpersonal na relasyon ng mga Pilipino, matutukoy ang walong level ng interaksyon: *pakikitungo*, *pakikisalamuha*, *pakikilahok*, *pakikibagay*, *pakikisama*, *pakikipagpalagayang-loob*, *pakikisangkot* at *pakikiisa* (Enriquez 10). Ang naunang limang level ng interaksyon ay nakatuon sa kategorya ng “ibang-tao” (*outsider*) samantalang ang huling tatlo ay nakatuon sa kategoryang “di-ibang-tao” (*one-of-us*). Ang pakikiisa ang pinakamataas na level ng pakikipagkapwa. Sinusundan ito ng pakikipagpalagayang-loob at pakikisangkot.

Kapag tayo ay nakikipagtsismisan sa ibang-tao (di-kilalang kasabayang mamimili sa palengke o kakilalang hindi naman kaibigan) ang level ng interaksyon ay mula *pakikitungo* hanggang *pakikisama* lamang. Alangan tayong magbahagi ng impormasyon at karanasan sa kanila dahil kabubuo pa lamang ng relasyon. Kapag di-ibang tao ang ating katsismisan (matalik na kaibigan, kasintahan, o kapamilya), ang level ng interaksyon ay maaaring *pakikipagpalagayang-loob*, *pakikisangkot*, o *pakikiisa*, depende sa digri ng relasyon. Umaabot sa level ng pakikiisa ang interaksyon kapag matatag na ang samahan, palagay na ang loob sa isa’t isa at buo na ang kanilang tiwala. Sa antas na ito, ibinubunyag na ng mga kalahok sa tsismis ang mga pinakaingatang sikreto ng iba, maging ang pinakapribadong detalye tungkol sa sarili.

Kaugnay nito, pakikipagkapwa ang bisa ng matagalang paglahok sa tsismis. Sa isang pag-aaral tungkol sa kinagawiang komunikasyon ng mga *informal settler*, lumalabas na pakikipagkapwa at pakikipaghuntahan ang pangunahing layunin o motibasyon sa pag-uusap ang mga kalahok (Casanova, nasa Maggay 86). Karaniwang umiikot ang usap-usapan sa kumustahan at pagbabahagi ng saloobin, karanasan, at mga kuwento tungkol sa sarili at sa iba na “nagpapatibay ng pagsasamahan at nagpapaibayo ng pagtatalik sa isa’t isa (Maggay 86).”

Nakikipagtsismisan din tayo upang makasabay sa mga pagbabago sa ating kapaligiran. Kasabay ng pagpapatatag, pagbabago at pagpapanatili ng kaayusan at estrukturang pangkapangyarihan sa grupo ang kolektibong paghahanap ng kalutasan sa mga suliraning panlipunan (Shibutani 17). Ang tsismis kung gayon, ay isang kolektibong paraan ng pagbibigay-kahulugan sa sariling karanasan at sa mga nangyayari sa kapwa at lipunan. Kung kaya mahalaga ring suriin ang papel nito bilang kasangkapan ng kapangyarihan. Kailangang tingnan kung paano nagtutunggali ang mga uri at grupo sa lipunan gamit ang tsismis.

Tsismis bilang Instrumento ng Kapangyarihan

Kapag binaybay natin ang kasaysayan, malinaw kung sino ang nasa itaas at nasa ibaba sa lipunan. Ang mga nasa itaas ay ang mga naghaharing-uri na siyang nagtatakda ng kaayusan sa lipunan. Sila ang may hawak ng politikal at ekonomikong kapangyarihan at nagtatakda ng moralidad upang maprotektahan at mapatindi pa ang kanilang sariling interes. Katulong nila ang estado at mga institusyong tulad ng simbahan, edukasyon at media sa mga pagtatakdang ito.

Ang mga nasa ibaba naman ang uring pinaghaharian. Sila ang masang nalulugmok sa tabi-tabi, sa gilid-gilid at sa laylayan ng lipunan dahil sa kawalan ng ekonomiko at politikal na kapangyarihan. Hinuhubog ang kanilang isip ayon sa pamantayan ng moralidad ng mga nasa itaas at natural itong ipinayayakap sa kanila. Subalit, malay ang masa sa kanilang pagkaetsapuwera at aktibo nilang nilalaban ang mga itinatakda ng nasa itaas sa larangang kultural, partikular sa wika.

Kapag pinag-uusapan ang kahalagahan ng wika, hindi gaanong nasusuri ang gamit nito bilang instrumento ng kapangyarihan at kontrol (Paz 69). Sa katotohanan, politikal ang wika dahil kinokontrol ito ng mga nagtutunggaliang uri o grupo sa lipunan para matugunan ang kanilang pangangailangan. Dahil nagkakaiba sa paniniwala, aspirasyon at interes, nagkakaiba rin sila sa paggamit ng wika. Sa tsismis, lantad ang paghahangad ng kapangyarihan ng iba't ibang grupo gamit ang wika. Sa isang banda, masigasig ang naghaharing-uri sa pagpapalaganap ng mga mensaheng nagsusulong sa kanilang paniniwala at interes. Sa kabilang banda naman ang mga naetsapuwera sa lipunan na gumagamit ng wika ng tsismis para salagin ang mga naghahari.

Madalas gumamit ng pormalistikong lapit sa wika ang dominanteng grupo dahil nais nilang magtakda ng istatiko o nag-iisang set ng kahulugan na siyang nagpapatahimik sa uri o grupong di-kaisa sa kanilang hangarin (sipi ni McNally kay Voloshinov 116). Ang pagdomina gamit ang wika ang pangunahing paraan sa pagsupil at pagkontrol sa isip at kilos ng tao. Hindi ito gaanong napapansin tulad ng politikal at ekonomikong pagkontrol kaya hindi agad nahahalata ang malubhang epekto nito (Paz 77).

Halimbawa, sa mga sermon sa simbahan, may mga pagkakataong nagkukuwento ang pari sa paraan ng pagtsitsismis. Ginagamit niya ang wika ng relihiyon na maituturing na hindi *neutral*. Ginagamit ang wikang ito para kontrolin ang nasasakupan sa pamamagitan ng mga pahayag na nagsasaad ng

HASAAN

utos, moral na pananaw at katotohanan. Bagaman paggigiit lamang ang wika ng relihiyon, pinaniniwalaan at sinusunod ito ng mga mananampalataya. May kapangyarihan kasi ang wika ng relihiyon na kontrolin ang kanilang buhay dahil sa mababang pagtingin nito sa kanilang katayuan kumpara sa mga banal na may kapangyarihang makipag-ugnayan sa *supernatural being* (Peregrino 226, 228, 231).

Pinaniniwalaan na ang kapangyarihan ay umiiral lamang sa opresyon ng nasa itaas sa nasa ibaba. Ngunit sa kabila ng pagtatangkang supilin ang pag-iisip at kilos ng mga maliliit, nagluluwal din ang dominasyong ito ng mga panibagong pag-iisip, pananalita, ugali at kilos. Hindi mapipigilan ang pag-usbong ng mga alternatibong wika at boses sa mga di-opisyal at *underground* na *setting*. Partikular na sumisingaw ito sa mga panahon ng mga krisis at rebolusyonaryong pagbabago sa lipunan (McNally, 116). Kaya naman ang tsismis at ang wika nito at iba pang mga kaakibat na simbolo ay nagiging entablado ng tunggalian ng uri.

Kaugnay nito ang tsismis ay isang uri ng araw-araw na pananalag, isa sa mga “weapons of the weak” (Scott, Weapons 29). Katulad ng iba pang uri ng pananalag (pangungupit, pananabotahe, kunwang-pagsunod o *false compliance*, pagpapaliban ng gawain o *foot dragging*), hindi na kailangan ang puspusang koordinasyon at pagpapalano sa tsismis (Scott, Weapons 29). Dito ay lumilikha ang itinuturing na walang kapangyarihan ng “hidden transcript” sa likod ng dominanteng tao o grupo (Scott, *Domination* xii) bilang artikulasyon ng kapangyarihan.

Halimbawa, sa kanilang paghaharap, ipaliliwanag ng amo sa kasambahay ang mga dahilan kung bakit hindi sila magtataas ng sweldo. Kaharap ang kanilang amo, sasang-ayon ang kasambahay at hindi na magtatanong pa. Ngunit kung kaharap na ang kapwa kasambahay, ilalabas nila ang reklamo tungkol sa makunat na among ayaw magtaas ng sweldo gamit ang mga salitang nakakasira sa reputasyon at kredibilidad ng kanilang amo. Bagaman hindi nailalagay sa dominanteng posisyon ang mahihina sa ganitong paraan ng pananalag, nabibigyan naman sila ng pakiramdam ng kapangyarihan na karaniwang nangyayari kapag pinagtatawanan nila ang mga nang-agrabyado.

Tatalakayin sa sumusunod na bahagi ang pagsasakapangyarihan ng dalawang nag-uumpugan at nagtutunggaliang pwersa sa lipunan sa pamamagitan ng kanilang pag-aangkop sa tsismis.

Tsismis mula sa Itaas

Sa panahon ng pananakop ng Espanyol, malalantad ang papel ng tsismis bilang kasangkapan ng dominasyon. Nang dumating ang mga manlulupig, nadatnan nila ang isang kultura at lipunang may mataas na tingin sa mga babae (Quindoza-Santiago 160). Taliwas ito sa pananaw ng mga Espanyol tungkol sa kasarian at lipunan. Lalo nilang ikinabahala ang malayang pagpapakita ng seksuwalidad ng kababaihan at sa mataas na posisyong panlipunan ng *babaylan* (Woods 27).

Dahil sa hadlang sa kanilang interes, isinulat ng mga misyonerong Pransiskano, Heswita at Augustino sa mga aklat ng kasaysayan ang babaylan bilang mga primitibo, imoral at mga kampon ng kasamaan. Nilubos nila ang kanilang paninira sa paglikha ng mga kuwentong aswang ang babaylan (Meñez 91). Ang pinaghihinalaang babaylan ay binansagan ding bruha at baliw, ang ilan pa nga sa kanila ay pinagsuot ng dilaw na kasuotan at ipinarada sa mga bayan-bayan, katulad ng ginagawa sa Europa (Veneracion 5). Dahil sa gawa-gawang kuwento ng mga prayle, ang dating imahen ng babaylan bilang manggagamot at kumadrona ay napalitan ng imahen ng isang mamamatay-tao, walang pakikiisa, at walang pagpapahalaga sa pamilya at kamag-anak. Ang mga pagbabansag na ito ay instrumental sa paglupig ng kapangyarihan ng babae upang itanghal ang bitbit nilang relihiyon.

Bago sumiklab ang rebolusyong 1896, isa sa mga pangunahing target ng tsismis si Jose Rizal. Nang bumalik siya sa Pilipinas mula Europa noong 1887, sinalubong siya ng sari-saring tsismis at haka-haka tungkol sa kanyang buhay. Siya raw ay espiya ng Alemanya, mason, Protestante at heretiko. Walang dudang ang mga prayle ang nagpalaganap ng mga ganitong kuwento para ipakitang siya ay subersibo at para ilayo ang loob sa kanya ng mga Pilipino (Ileto, *Filipinos* 64).

Ginamit din ng mga mananakop na Espanyol ang tsismis sa pagtatangkang mabawasan ang mga kasapi ng Katipunan. Natakot ang marami sa bali-balitag ipatutupad ang marahas na *juez de cuchillo* o *kangaroo court* at walang patatawarin; bata man, matanda, lalaki, o babae. Dahil dito, maraming kasapi ng Katipunan ang dumulog sa mga pari at nangumpisal. Ang iba naman ay dumulog sa mga pinunong Espanyol para hindi madamay sa banta (Alvarez 17).

Nang magkaroon ng mga paksyon sa loob ng Katipunan, kinasangkapan ang tsismis para pabagsakin si Andres Bonifacio. Siya raw ay tauhan ng mga prayle at napag-utusang lumikha ng kaguluhan, nilustay rin daw niya ang pondo ng Katipunan at ipinagyayabang ang titulong “Supremo” gayong hindi naman

HASAAN

siya Diyos. Bukod pa ryan, mayroon siyang magandang kapatid na karelasyon daw ng kura ng Tondo at si Bonifacio raw ang tagapag-ugnay ng dalawa (Alvarez 68).

Kumalat din ang liham na isinulat umano ni Daniel Tirona, isa sa mga pinuno ng paksyong Magdalo, laban kay Bonifacio. Nagpaikot-ikot ang tsismis tungkol sa mga “baho” ng Supremo partikular sa San Francisco de Malabon, kung saan lubos siyang hinahangaan at nirerespeto. Ayon sa tala ni Artemio Ricarte sa *Himagsikan nang manga Pilipino Laban sa Kastila*, inudyukan ng nagsulat ng liham ang mga taga-Cavite na huwag “pag-ukulan ng anomang paggalang” si Bonifacio dahil siya ay isang mason, “na di naniniwala sa Diyos, yumuyurak sa mga kabanalan, pumapaibabaw sa mananakop, isang taong may mababang pinag-aralan; anopa’t isang hamak na katiwala lamang na naglilingkod sa isang bahay-kalakal Aleman” (Ricarte 34). Nang komprontahin ni Bonifacio, pinabulaanan ni Tirona na sa kanya galing ang tsismis. Napoot si Bonifacio at muntik nang mapatay si Tirona (Ricarte 34).

Ang pagkakalat ng tsismis para isulong ang interes ng iilan ay nagpatuloy sa pagdating ng mga Amerikano. Isa si Antonio Luna sa mga naging target nina Aguinaldo at ng kanyang tauhan. Dahil sa kanyang mariing pagtutol sa awtonomiyang inaalok ng Amerika, pinag-initan siya ng mga awtonomista na kinabibilangan nina Felipe Buencamino at Pedro Paterno. Pinagningas nila ang tsismis na balak agawin ni Luna kay Aguinaldo ang pagkapresidente. Bagaman walang sapat na katibayan, pinaniwalaan ito ni Aguinaldo na gumawa pa ng liham sa ilang kasamahan para hingin ang kanilang katapatan at suporta (Constantino 229). Sa huli, pinaslang si Luna ng mga tauhan ni Aguinaldo.

Ganito rin ang nangyari kay Macario Sakay. Nang sumuko si Aguinaldo sa mga Amerikano, tinangka ni Sakay na buhayin ang Katipunan sa Maynila. Nang madakip ng mga Amerikano, inakusahan siya at ang kanyang mga tauhan ng pagnanakaw, panggagahasa, pagdukot at pagpatay. Ginawaran siya ng parusang kamatayan kahit na walang sapat na ebidensiya ang mga paratang na ito. Sa araw ng pagbitay, pinabulaanan niya lahat: “[G]usto kong ipahayag na hindi kami mga bandido at magnanakaw, katulad ng ibinibintang sa amin ng mga Amerikano, kundi mga kasama ng rebolusyonaryong puwersa na nagtatanggol sa ating bansa, ang Pilipinas! Paalam! (Abad 100-101, nasa Constantino 267, akin ang salin).”



Tsismis mula sa Ibaba

Kinakasangkapan din ng mga nasa ibaba ang tsismis para salagin ang pwersa ng mga makapangyarihan. Nang malathala ang *Noli Me Tangere* (1887), kumilos ang kolonyal na gobyerno at ang mga prayle para pigilan ang pagkalat ng subersibong nilalaman ng nobela.

Bagaman karamihan sa mga tao noon ay hindi nabasa o nahawakan man lamang ang aklat, nakakuha sila ng impormasyon tungkol sa nilalaman nito sa pamamagitan ng tsismis. Dahil sa pagtatakwil ng mga prayle sa akda, nabigyan tuloy ng alternatibo ang mga tao sa pagsagap at pagpapalaganap ng nilalaman ng nobela (Hau 55). Patunay ito ng sinasabi ni Voloshinov tungkol sa pagkakaroon ng mga alternatibong wika at boses sa gitna ng krisis.

Isang araw, kasama si Josè Taviel de Andrade, ang guwardyang Espanyol na inutusang magbantay sa kanya, inakyat ni Rizal ang Bundok Makiling. Iwinagayway niya ang isang puting tela para ipaalam na narating na nila ang tuktok ng bundok. Ang puting tela ay tiningnan ng marami bilang bandila ng Alemanya at ang pagwagayway nito ni Rizal kasama ang isang Europeo ay babala na magkakaroon ng rebelyon (Ileto, *Filipinos* 64). Ipinapakita sa tsismis na ito ang hangarin ng mga Pilipino na makalaya sa kamay ng Espanya at ang pangangailangan nila ng mamumuno rito.

Kumalat din ang tsismis na nakaharap ni Rizal si Bernardo Carpio sa Makiling. Sinabihan daw siya nitong panahon na para lumaban sa Espanya (Ileto, *Filipinos* 11). Naniniwala ang mga paisanong Tagalog na si Bernardo Carpio ang kanilang hari. Nakakulong siya sa loob ng bundok at pinaniniwalaang ang kanang paa na lamang niya ang nakakadena. Sinasabing lumilindol kapag pinipilit niyang kumawala mula sa pagkakakadena. Paniwala nila, magbabalik siya para palayain sila. Ang kuwentong ito ang nagbibigay sa mga Tagalog ng pag-asang sa huli, magiging maayos din ang kanilang pamumuhay, malaya sa opresyon at paghahari-harian ng mga banyagang mapagsamantala (Ileto, *Pasyon* 101).

Ang paniniwalang ito ng masang hindi nakapag-aral ay pinagtuunang-pansin ng mga ilustrado, kabilang na si Rizal (Ileto, *Filipinos* 10). Sa *El Filibusterismo* (1891), naglaro sa isipan ni Rizal ang posibilidad ng armadong rebolusyon laban sa Espanya. Sa isang kabanata, sinabi ng kutsero na kapag nakalaya ang kanang paa ni Bernardo Carpio, ibibigay niya sa kanilang hari ang kabayo, susunod sa mga ipinag-uutos nito at handa siyang mamatay para sa kanya. Naniniwala ang kutsero na si Bernardo Carpio ang magpapalaya sa

HASAAN

kanila mula sa kalupitan ng Espanya.

Kumalat rin ang mga tsismis tungkol sa extraordinaryong kakayahan ni Rizal. Pagkabalik mula Europa, nagtayo siya ng klinika para sa mga may problema sa paningin. Dahil hindi pa gaanong pamilyar sa *ophthalmic surgery* ang mga Pilipino noon, tiningnan ng mga tao ang panunumbalik ng paningin ng mga pasyente bilang himala. Dito nagsimulang kumalat ang mga bali-balita tungkol sa isang “Doktor Uliman” (korupsiyon ng “Aleman”) na nakapagpapagaling hindi lamang ng pagkabalik, kundi ng iba pang karamdaman. Mahalagang idiin na para sa mga nagbabasa ng *Pasyong Mahal*, tanging ang Panginoong Hesukristo lamang ang nakapagpapagaling ng bulag (Ocampo 261 nasa Chua 6). Dahil sa pagkalat ng bali-balitang ito, tumindi ang pag-asa ng mga Pilipino na si Rizal ang magpapalaya sa kanila.

Sa tsismis din nailalabas ng karaniwang tao ang kanilang mga hinaing laban sa mga mapagsamantala. Nagkakaroon sila ng pakiramdam ng kapangyarihan dahil ito ang pagkakataon para iangat ang sarili at libakin ang mga nagpapahirap sa kanila kahit sa salita man lamang. Madalas, ginagawa nilang katawa-tawa sa kanilang pagtsitsismisan ang mga taong nasa kapangyarihan.

Naging laman noon ng tsismis si Tirona, ang pinaghihinalaang nagpakalat ng tsismis tungkol kay Bonifacio. Naging tampulan siya ng katatawanan matapos niyang sumuko sa mga Amerikano sa kasagsagan ng Digmaang Pilipino-Amerikano. Ayon sa isang tenyente, nakatira si Tirona bilang alalay sa bahay ng Amerikanong kapitang kanyang pinagsukuan. Dito, tagahanda siya ng pagkain at tagalinis ng sapatos ng kapitan. Itsinismis din ng tinyente na katakot-takot na insulto ang inabot ni Tirona mula sa mga taga-Cagayan na saksi sa kanyang pagsuko. Tinawag nila siyang magnanakaw, walang hiya, duwag at marami pang iba (Villa at Barcelona 27, nasa Constantino 242).

Nagbigay rin si Teodoro Agoncillo ng ilang halimbawa kung saan, sa pamamagitan ng tsismis, nailalagay sa mababang posisyon ang mga naghahari-harian:

Isang umaga, noong Pebrero 1942, isang lalaki ang nagpakalat ng tsismis na sinasabi raw ng mga Hapon, sa kanilang paliwanag sa kanilang pagkatalo sa Bataan, na naglagay ang USAFFE ng mga nakakakuryenteng kawad sa mga tubigan at ilog para makuryente ang mga uhaw na Hapon na iinom dito. “Tubig *kuru-kuru!*”—*Water boiring (r imbes na l* ayon sa ponetikong Hapon) ang mga salitang sinasambit umano ng mga sundalong Hapon na masuwerteng nakaligtas (162, akin ang salin).

Nagbibigay lamang ang mga ganitong tsismis ng panandaliang pagkapanalo



para sa mga Pilipino, bagaman hindi naman talaga napailalim ang mga nang-aapi (Rafael 120). Sa kabila nito, hindi matatawaran ang kapangyarihang ibinibigay ng tsismis sa sinasakop. Ang tsismis ay isa lamang sa mga unang hakbang bilang tugon nila sa mga pwersang pilit na sumusupil sa kanila. Bilang unang hakbang, ginagamit ito upang malinawan sa mga nangyayari sa paligid. Ang bisa ng tsismis bilang instrumento ng paghamon sa namamayaning estruktura ng lipunan ay nakasalalay sa mga aktibong lumalahok dito. Sapagkat ang tsismis ay isang kolektibong gawain, may potensyal ito na baguhin ang lipunan.

Ilang tala rin sa kasaysayan ang nagpapakitang malay ang mga nasa kapangyarihan na malaki ang potensyal ng tsismis sa paggiba ng *status quo* sa lipunan. Noong panahon ng diktadurya, halimbawa, napasailalim sa kontrol ng militar ang komunikasyon at daloy ng impormasyon para mapanatili sa kapangyarihan si Marcos. Ipinag-utos niya ito dahil nakikita niyang isang malaking banta ang media sa kanyang diktadurya. Ngunit taliwas sa inaasahan ang naging epekto ng utos. Dahil dumaraan sa sensura ang mga impormasyon, at dahil sa kakulangan ng mga impormasyon mula sa ibang ahensiya maliban sa pamahalaan, naghanap ang mga Pilipino ng mga alternatibong paraan sa pangangalap ng impormasyon. At ito nga ay sa paraan ng tsismis. Katulad ito ng ginawa ng mga Pilipino nang pigilan ng mga prayle ang pagkalat ng mga akda ni Rizal.

Sabi nga ng ilang *observer* sa mga unang taon ng Martial Law, “Rumors fly wildly in the absence of concrete information (Laquian 10).” Halimbawa, tuwing nagkakaroon ng brownout, sasabihin noon ng mga tagalungsod, “they are unloading more casualties at the airport again” (Laquian 12) upang maghinuha sa totoong nangyayari sa digmaan sa Mindanao na hindi gaanong naibabalita sa mga pahayagan sa Maynila. Ginagamit nila ang tsismis dahil sa kanilang pangangailangang malaman at maunawaan ang mga nangyayari sa kanilang kapaligiran. Totoo man o gawa-gawa lamang ang mga kumalat na impormasyon, nabigyan ng ibayong lakas ang mga Pilipino na banggain ang diktadura.

Ang paraang ito ng pagsagap at pagpapakalat ng impormasyon ay ipinagbawal ni Marcos. Isinabatas noong Enero 6, 1973 ang Presidential Decree No. 90, kung saan itinuturing na kalaban ng estado ang sinomang magpapakalat ng tsismis laban sa gobyerno:

Isa sa mga mapanlinlang na paraan ng pagsira ng kapayapaan, kaayusan at katahimikan ay ang pagsambit, publikasyon, distribusyon, sirkulasyon at **pagpapakalat ng tsismis**, maling balita o impormasyon na nagdudulot

HASAAN

ng pagkakahati-hati ng mga tao, kawalan ng tiwala sa awtoridad at/o pagpapahina sa pundasyon ng gobyerno at mga tunguhin ng Bagong Lipunan... (akin ang salin at diin)

Dito, itinuturing na tsismis ang mga pahayag na kontra sa pamahalaan. Isang dating *press secretary*, si Baldomero T. Olivera ang inaresto dahil dito (Celoza 41). Maging sina dating pangulong Diosdado Macapagal at dating Supreme Court Justice Abraham F. Sarmiento ay kinasuhan noong Agosto 1979 dahil lamang sa publikasyon at pagpapakalat ng aklat ni Macapagal na may pamagat na *Ang Demokrasya sa Pilipinas* (Sarmiento *online*). Sa kabila ng pananakot na ito, nagpatuloy ang mga Pilipino, partikular ang kabataan, sa pagpapasa-pasa ng mga impormasyong sa bandang huli ay nakatulong sa pagbagsak ng diktadura.

Karaniwan nang isinusulat ang kasaysayan gamit ang mga batis na nakasulat na madalas namang nagtatanghal sa tinig ng naghaharing-uri (Camagay 250). Ngunit ginagamit din ang tsismis upang bigyan ng tinig ang mga nasa gilid-gilid ng kasaysayan. Sa pamamagitan ng pagdodokumento ng alaala at karanasan gamit ang tsismis (at iba pang alternatibong batis tulad ng pasalitang kasaysayan), nabibigyan ng kapangyarihan ang mga ordinaryong Pilipino na daantaong naetsapuwersa sa kasaysayan. Dito, inaalís sa dominanteng posisyon ang interpretasyon sa kasaysayan ng tradisyonal na historyador at binibigyang-halaga naman ang interpretasyon ng ordinaryong tao (Camagay 250).

Pagpapatuloy ng Tunggalian

Mula sa mga halimbawang tinalakay, masasabi nga na ang kasaysayan natin ay kasaysayan ng patuloy na tunggalian: sa isang banda ay ang mga naningibabaw na pilit na pinananatili ang itinatag nilang kaayusan, sa kabila naman ay ang mga pinangingibabawang walang tigil na lumalaban para sa kapakanan at karapatan ng nakararami. Sa salpukang ito, gumagamit ang magkabilang hanay ng mga instrumentong magbibigay sa kanila ng ibayong kapangyarihan upang ipanaló ang kanilang laban. Tsismis ang isa rito.

Sa kasalukuyan, lumalawak ang pakikilahok ng mga Pilipino sa tsismis dahil na rin sa mga batas na pumoprotekta sa malayang pamamahayag. Patunay rito ang buhay na buhay na industriya ng showbiz tsismis, mga patayang nagugat sa tsismis, mataas na bilang ng mga kasong libelo; at mga di mamatay-matay na *blind item* tungkol sa mga politiko at opisyal ng pamahalaan. May ilang grupo ang nababahala sa mga “paninirang” ito, lalo na sa pagkalat ng tsismis at ng mga opensibong impormasyong kumakalat *online*. Kaya naman

inaprubahan ng Kongreso ang *Cybercrime Prevention Act of 2012* na naglalayong ireguleyt ang mga impormasyon sa Internet; isa na namang paraan ng estado upang sikilin ang mamamayan at igiit ang kapangyarihan nito. Ngunit natigil ang implementasyon nito dahil na rin sa oposisyon ng mga nagsusulong ng malayang pamamahayag.

Kung isinusulong ng estado ang Cybercrime Prevention Act, isinusulong naman ng mamamayan ang *Freedom of Information (FOI) Bill*. Layunin nito na kilalanin ang karapatan ng bawat tao na maakses ang mga rekord ng gobyerno. Pinatatatag nito ang karapatan ng mamamayan na maging bahagi sa paglikha ng mga desisyon sa lipunan. Isa itong paraan para labanan ang panlilinlang ng gobyerno at ng mga opisyal nito.

Maituturing na malaki ang papel ng pagkalat ng mga hindi mamatay-matay na tsismis tungkol sa korupsiyon at iba pang ilegal na gawain sa gobyerno sa pag-igting ng suporta sa pagpasa sa panukalang batas na ito. Sa katunayan, pumutok ang fertilizer fund scam, NBN/ZTE deal, Euro generals scandal, lottery fund scam, Corona impeachment, Malampaya fund scam, at pork barrel scam, at iba pa dahil sa mga alingasngas. Ito rin ang isa sa mga dahilan ng pagkatanggal sa pwesto nina Joseph Estrada at Gloria Macapagal-Arroyo. Ang sabi nga, kapag may usok, may apoy.

Dahil sa makabagong teknolohiya, nabibigyan ng ibayong kapangyarihan ang masa sa pagpapakalat ng mga alternatibong kaisipang bumabangga sa namamayaning kaayusan. Sa kasalukuyan, naipapasa ang tsismis sa pamamagitan ng *e-mail, instant messaging, online forum, blog* at mga *social networking site* tulad ng Facebook at Twitter; *online TV, online newspaper*, at *online radio*. Maliban sa serbisyong *text messaging*, naglipana na rin ngayon ang mga libreng *app* sa *cell phone* tulad ng Wechat, Viber, Skype at iba pa. Dahil dito, ang tsismis sa Pilipinas ay maaari nang masagap ng mga Pilipinong nasa iba't ibang panig ng mundo. Kaya hindi na kataka-takang nangyari ang Erap Resign Movement, ang Million People March sa Luneta, at iba pang malawakang kilos-protesta na, sa malaking bahagi ay naorganisa gamit ang *social media*.

Sa isang lipunang nagbibingi-bingihan, maghahanap at maghahanap ang taong bayan ng pinakamabilis at episyenteng midyum para iparinig ang kanilang boses – isang midyum na aksesibol sa nakararami. Malay rin ang nasa kapangyarihan sa kahalagahan ng *social media*, kaya ineeksploty nila ito para ipalaganap ang kaisipang poprotekta sa sistemang ilang daantaon nang pumapabor sa kanila. Kung gayon, lumilitaw na isang bahagi ng tunggalian ng uri



HASAAN

ang tunggalian sa kung sino ang may kontrol sa midyum na ito. Sa kasalukuyan, malinaw na nagtatagumpay ang mga pinangingibabawan sa aspektong ito.

Sa unang tingin, nagbibigay lamang ang tsismis ng panandaliang pagkapanalo para sa mga nasa ibaba dahil hindi naman talaga natatanggalan ng kapangyarihan ang mga nasa itaas. Maoobserbahan din na sa kaso ng mga malawakang kilos-protesta na pinagningas ng tsismis, hanggang pagkatok lamang sa kamalayan ang nangyayari. Hindi lubos ang pagkamulat. Napipilay ang potensya ng ganitong mga pagkilos dahil walang pag-angat sa diskurso.

Ngunit hindi matatawaran ang kapangyarihang ibinibigay ng tsismis sa naisasantabing uri. Ang tsismis ay unang hakbang lamang nila sa pagsangga sa mga pwersang pilit na umaapi sa kanila. Isa itong paraan upang maging malay sila sa mga nangyayari sa kanilang paligid. Ang pagiging mulat at ang kolektibong paghahanap ng kalutasan sa mga problema sa lipunan ay nagbibigay sa kanila ng ibayong kapangyarihan para harangin ang mga imposisyon ng mga nasa itaas. Dahil sa pagnanais na makalaya, maaaring magpatuloy ang tsismis hanggang sa ang pananalag ay maging ganap na pagbaklas. Patunay ang kasaysayan na sa panahon ng rebolusyon, walang ibang gagawin ang taong bayan kundi ang gisingin ang sariling kamalayan, makisangkot at kumilos para sa pagbabago.

Mga Sanggunian

- Agoncillo, Teodoro A. *Fateful Years: Japan's Adventure in the Philippines (1941-1945)*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2001. Nakalimbag.
- Aldaña, Marilou A. "Ang Sikolohikal na Batayan ng Pagsagap sa Bali-balita." *Tao at Lipunan*. Mga Ed. Virgilio G. Enriquez, Pemari Banzuela at Ma. Carmen Galang. Lungsod Quezon: Departamento ng Sikolohiya, UP, 1974. 147-154. Nakalimbag.
- Alvarez, Santiago. *The Katipunan and the Revolution: Memoirs of a General*. Trans. Paula Carolina S. Malay. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1992. Nakalimbag.
- Baumeister, Roy F., Liqing Zhang, at Kathleen D. Vohs. "Gossip as Cultural Learning." *Review of General Psychology* 8.2 (2004), 111-121, 113. Web. 19 Disyembre 2011.
- Camagay, Ma. Luisa T. "Ang Kahalagahan ng Kasaysayang Pasalita." *Kuwentong Bayan Noong Panahon ng Hapon: Everyday Life in a Time of War*. Mga Ed. Thelma B. Kintanar at Clemen C. Aquino (Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2006. 249-251. Nakalimbag.
- Celozo, Albert F. *Ferdinand Marcos and the Philippines: The Political Economy of Authoritarianism*. Connecticut: Praeger Publishers, 1997. Nakalimbag.
- Chua, Michael Charleston B. "Ang Panginoong Diyos, ang Inang Bayan, at si José Rizal Ay Iisa!: Ang Diwang Katutubo na Nanatili sa Mga Kapatirang Rizalista." Papel na binasa sa kumperensiyang "Rizal in the 21st Century," sa GT-Toyota Auditorium, Asian Center, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 24 Hunyo, 2011. Web. 14 Enero 2014.
- Constantino, Renato. *The Philippines: A Past Revisited*. Lungsod Quezon: Renato Constantino, 1998. Nakalimbag.

- DiFonzo, Nicholas at Prashant Bordia. *Rumor Psychology: Social and Organizational Approaches*. Washington: American Psychological Association, 2007. Nakalimbag.
- Enriquez, Virgilio G. "Kapwa: A Core Concept in Pilipino Social Psychology." *Philippine World-view*. Ed. Virgilio G. Enriquez. Singapore: Institute of Southeast Asian Studies, 1986. 6-19. Nakalimbag.
- Foster, Eric K. "Research on Gossip: Taxonomy, Methods, and Future Directions." *Review of Cultural Psychology* 8.2(2004), 78-99. Web. 24 Hulyo 2011.
- Gelade, George P. *Ilokano-English Dictionary*. Lungsod Quezon: CICM Missionaries, Inc., 1993. Nakalimbag.
- Hau, Caroline S. *Necessary Fictions: Philippine Literature and the Nation, 1946-1980*. Lungsod Quezon: Ateneo De Manila University Press, 2000. Nakalimbag.
- Ileto, Reynaldo C. *Filipinos and Their Revolution: Event, Discourse, and Historiography*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1998. Nakalimbag.
- . *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1979. Nakalimbag.
- Kaufmann, John. *Visayan-English Dictionary (Kapulungan Binisaya-Ininglis)*. Iloilo: La Editorial, 1934. Web. 18 Setyembre 2013.
- Knapp, Robert H. "A Psychology of Rumor." *Public Opinion Quarterly* 8 (1944), 22-37.
- Laquian, Aprodicio A. "Martial Law in the Philippines to Date." Binasang papel sa ika-10 taunang pagpupulong ng Association of Asian Studies, Boston, Massachusetts, 1-3 Abril 1974. Web. 29 Disyembre 2011.
- Maggay, Melba Padilla. *Pahiwatig: Kagawiang Pangkomunikasyon ng Pilipino*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2002. Nakalimbag.
- McKaughan, Howard at Batua Al. Macaraya. *A Maranao Dictionary*. Maynila: De La Salle University Press, 1996. Nakalimbag.
- McNally, David. *Bodies of Meaning: Studies on Language, Labor, and Liberation*. New York: State University of New York Press, 2001. Nakalimbag.
- Meñez, Herminia Q. *Explorations in Philippine Folklore*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1996. Nakalimbag.
- Nuevo, Marilyn O. "Ang mga Paksa, Layunin, at Ekspresyong Ginagamit sa Paghuhuntahan ng mga Cebuana." *Tismis: Implikasyon sa Wika at Komunikasyon*. Ed. Generoso C. Nastor. Lungsod Quezon: Kolehiyo ng Agham at Sining, Unibersidad ng Pilipinas, 1980, 4-10. Nakalimbag.
- Paz, Consuelo J. "Wika ng Naghaharing-Uri." *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*. Mga Ed. Pamela C. Constantino at Monico M. Atienza. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1996. 69-78. Nakalimbag.
- Peregrino, Jovy M. "Wika at Relihiyon." *Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Pilipino*. Mga Ed. Jovy M. Peregrino, Pamela C. Constantino, Nilo S. Ocampo, at Jayson D. Petras. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Pilipino, Unibersidad ng Pilipinas, 2012. 223-233. Nakalimbag.
- Presidential Decree No. 90 January 6, 1973 Declaring Unlawful Rumor-Mongering and Spreading False Information. Nasa Philippine Laws and Jurisprudence Databank. Web. 29 Disyembre 2011.
- Quindoza-Santiago, Lilia. "Roots of Feminist Thought in the Philippines." *Review of Women's Studies* 5.2 (1996), 159-172. Web. 1 Enero 2014.

HASAAN

- Rafael, Vicente L. *White Love and Other Events in Pilipino History*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2000. Nakalimbag.
- Ricarte, Artemio. *Himagsikan nang manga Pilipino Laban sa Kastila*. Yokohama, 1927. Web. 14 Set. 2013.
- Rosnow, Ralph L. at Gary Alan Fine. *Rumor and Gossip: The Social Psychology of Hearsay*. New York: Elsevier, 1976. Nakalimbag.
- Rubino, Carl R. Galvez. *Ilocano Dictionary and Grammar: Ilocano-English, English-Ilocano*. Honolulu: University of Hawaii Press, 2000. Nakalimbag.
- Sarmiento, Abraham F. "A Man of Courage." Parangal kay Diosdado Macapagal, University of Sto. Tomas Chapel, 25 Abril 1997. Web. 29 Disyembre 2011.
- Scott, James C. *Domination and the Arts of Resistance: Hidden Transcripts*. London: Yale University Press, 1990. Nakalimbag.
- Scott, James C. *Weapons of the Weak: Everyday Forms of Peasant Resistance*. New Haven: Yale University Press, 1985. Nakalimbag.
- Shibutani, Tamotsu. *Improvised News: A Sociological Study of Rumor*. Indianapolis: Boobs-Merrill, 1966. Nakalimbag.
- Tolentino, Roland B. "Chica-chica, Beso-beso, Seryoso Ka Ba?" *Diyaryo Pilipino*, Hulyo 31 1989, 7. Nakalimbag.
- Veneracion, Jaime B. "From Babaylan to Beata: A Study on the Religiosity of Pilipino Women" *Review of Women's Studies* 3.1 (1992), 1-15. Web. 14 Enero 2014.
- Villasanta, Boy. *Exposé: Peryodismong Pampelikula sa Pilipinas*. Maynila: UST Publishing House, 2007. Nakalimbag.
- Wickham, Chris. "Gossip and Resistance among the Medieval Peasantry." *Past & Present*, 60 (1988), 3-24. Web. 31 Hulyo 2011.
- Wolff, John U. *A Dictionary of Cebuano Visayan*. Ithaca, New York: Southeast Asia Program, Cornell University, 1972. Nakalimbag.
- Woods, Damon L. *The Philippines: A Global Studies Handbook*. Oxford: ABC-CLIO, 2006. Nakalimbag.